# MAY KASO SA KORTE NGUNIT HINDI KAYANG MAGBAYAD NG MGA BAYARIN SA PAGSASAMPA?

JUDICIAL COUNCIL OF CALIFORNIA

Kapag nagsampa ka ng mga papeles sa korte, maaaring magbayad ka ng mga bayarin sa pagsasampa sa korte. Kung nag-aalala ka sa pagbabayad ng mga bayaring ito, basahin ang impormasyon sa ibaba tungkol sa pagkuha ng pagpapaubaya ng bayarin.

## TUNGKOL SA MGA BAYARIN SA KORTE

Kadalasan, kapag nagsampa ka ng dokumento sa korte, may babayaran sa pagsasampa ng mga papeles. Maaaring may iba pang mga gastusin sa korte kapag magsisimula na ang kaso, tulad ng mga babayarin para sa paggawa mga kopya at pagpapatunay ng mga ito, mga bayarin sa tagapag-ulat ng korte, at iba pa. Ang mga bayarin sa korteng ito ay maaaring magkakaiba. Bumisita sa iskedyul ng bayarin sa buong estado sa https://www.courts.ca.gov/documents/filingfees.pdf at tingnan ang website ng iyong lokal na korte upang makita kung may mga lokal na bayarin na maaaring naaangkop.

## PAANO KUNG HINDI KO KAYANG BAYARAN ANG MGA BAYARIN SA KORTE?

Kung nag-aalala ka sa pagbabayad ng mga bayarin at mga gastos sa korteng ito, maaari kang humiling sa korte ng “pagpapaubaya ng bayarin.” Ang pagpapaubaya ng bayarin ay nangangahulugan na hindi mo na kailangang magbayad ng mga bayarin sa pagsasamba at iba pang mga gastos, o maaari babayaran mo lamang ang bahagi ng mga bayarin. Maaari mo ring hilingin sa korte na hayaan kang bayaran ang mga bayarin sa korte nang hulugan.Maaari kang maging kwalipikado sa pagpapaubaya ng bayarin kung ang alinman sa sumusunod ay naaangkop sa iyo:

- Tumatanggap ka ng mga pampublikong benepisyo, tulad ng mga Selyo ng Pagkain, SSI, SSP, Medi-Cal, Tulong ng County/Pangkalahatang Tulong, IHHS, CalWORKS, Tribal TANF, o CAPI.
- Ang iyong kita ng sambahayan bago ang buwis ay napakababa.
- Wala kang sapat na pera upang bayaran ang lahat ng mga bayarin pagkatapos mong bayaran ang iyong kinakailangang mga buwanang gastos sa sambahayan.

## PAANO AKO MAKAKUKUHA NG PAGPAPAUBAYA NG BAYARIN?

Una, basahin ang Pormularyo FW-001-INFO, Papel ng Impormasyon sa Pagpapaubaya ng mga Bayarin at mga Gastos sa Korte. Pagkatapos, sagutin at kompletuhin ang dalawang form:

### Pormularyo FW-001: Kahilingan sa Pagpapaubaya ng mga Bayarin sa Korte

Sa pormularyong ito, sasabihin mo sa korte kung sino ka, anong trabaho ang mayroon ka, kung mayroon, at ano ang kita mo. Maaari mo rin isulat ang lahat ng gastos mo. Depende sa sitwasyon mo, kailangan mong sagutan ang iba’t ibang bahagi ng pormularyo FW-001, kaya basahing mabuti ang mga tagubilin sa pormularyo upang matiyak na nasagutan mo ang lahat ng kinakailangan.

### Pormularyo FW-003: Kautusan sa Pagpapaubaya ng Bayarin sa Korte

Ang pormularyong ito ay karaniwang sinasagutan ng korte, pero tiyaking inilagay mo ang iyong buong pangalan, tirahan, at numero ng kaso, kung mayroon, at ang pangalan ng kaso, na pangalan ng mga panig sa kaso.

## KARAGDAGANG IMPORMASYON

Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa mga bayarin sa korte at mga pagpapaubaya ng bayarin, kasama ng mga tagubilin at mga link sa mga pormularyo, sa pamamagitan ng pagbisita sa https://www.courts.ca.gov/selfhelp-feewaiver.htm. Maaari mo ring puntahan ang sentro ng sariling pagtulong ng iyong lokal na korte para sa tulong.